**LESSON 11 : ANG MATAGUMPAY NA BUHAY KRISTIYANO**

**PAGSAMBA AT PANALANGIN:**

Umawit ng 1-2 papuring awit at ipanalangin ang kapayapaan sa bansa, ang paglaganap ng ebanghelyo, paglukob ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu, at katagumpayan ng discipleship meeting.

**PANIMULA:**

**Mga Tanong:**

1 Ano ang pinakamabigat na ekwentro mo sa pag-eebanghelyo?

2.Kamusta ang devotional life mo? Nakakapag devo ka ba ng regular?

3.Ano sa palagay mo ang bagay na nakakapagpahina sa isang kritiyano? Bakit?

Magtalaga ng magbibigay ng Memory Verse.

**TALAKAYAN:**

Basahin at pag-aralan ang mga sumusunod na talata.

**1. Filipos 4:12-13**

Naranasan ko na ang maghikahos; naranasan ko na rin ang managana; natutuhan ko na ang sikreto kung paano masiyahan sa anumang kalagayan sa buhay, ang mabusog o ang magutom, ang managana o ang maghirap.  Ang lahat ng ito'y magagawa ko dahil sa lakas na kaloob sa akin ni Cristo.

**2. Efeso 6:10**

Bilang pagwawakas, magpakatibay kayo sa kalakasang galing sa Panginoon at sa kanyang daki-lang kapangyarihan.

**3. 2 Corinto 12:9-10**

"Ganito ang kanyang sagot, "Ang pagpapala ko ay sapat sa lahat ng pangangailangan mo; lalong nahahayag ang aking kapangyarihan kung ikaw ay mahina." Kaya't buong galak kong ipagmamalaki ang aking mga kahinaan upang lalo kong madama

ang kapangyarihan ni Cristo. "Dahil kay Cristo, walang halaga sa akin kung ako ma'y mahina, kutyain, pahirapan, usigin at magtiis. Sapagkat kung kailan ako lalong mahina, saka naman ako nagiging malakas.

**4. Hebreo 4:16**

Kaya't huwag tayong mag-atubiling lumapit sa trono ng mahabaging Diyos upang makamtan natin ang habag at kalinga sa panahon ng ating panga-ngailangan.

**5. Colosas 1:11**

Idinadalangin din naming patatagin niya kayo sa tulong ng kanyang dakilang kapangyarihan, upang inyong matiis na masaya at may pagtitiyaga ang lahat ng bagay.

**6. Colosas 1:13-14**

Iniligtas niya tayo sa kapangyarihan ng kadili-man at inilipat sa kaharian ng kanyang minamahal na Anak, na nagpalaya at nagdulot sa atin ng kapa-tawaran sa ating mga kasalanan.

**7. Roma 8:31-32**

Ano pa ang masasabi natin tungkol dito? Kung ang Diyos ay panig sa atin, sino ang makakalaban sa atin? Kung ang sarili niyang Anak ay hindi niya ipinagkait, sa halip ay ibinigay para sa ating lahat, hindi kaya niya ibibigay sa atin ang lahat ng bagay?

**8. 1 Pedro 5:8-9**

Maging handa kayo at magbantay. Ang diyablo, ang kaaway ninyo ay parang leong umaatungal at aali-aligid na naghahanap ng masisila. "Huwag kayong matatakot sa kanya at magpakatatag kayo sa inyong pananampalataya sa Diyos. Tulad ng alam ninyo, hindi lamang kayo ang nagtitiis ng ganitong kahirapan, kundi pati ang inyong mga kapatid sa buong daigdig.

**9. Mateo 21:21-22**

Sumagot si Jesus, "Tandaan ninyo: kung kayo'y mananalig sa Diyos at hindi mag-aalinlangan, magagawa rin ninyo ang ginawa ko sa puno ng igos na ito. Hindi lamang iyan, kung sasabihin ninyo sa bundok na ito, 'Umalis ka riyan, at tumalon ka sa dagat,' mangyayari ang inyong sinabi. "Anumang hingin ninyo sa panalangin ay tatanggapin ninyo kung nananalig kayo."

**10. Filipos 4:8-9**

"Bilang pagtatapos, mga kapatid, dapat maging laman ng inyong isip ang mga bagay na karapat-dapat at kapuri-puri: mga bagay na totoo, marangal, matuwid, malinis, kaibig-ibig, at kagalang-galang. "Isagawa ninyo ang lahat ng inyong natutuhan, tinanggap, narinig at nakita sa akin. Sa gayon, sasainyo ang Diyos na nagbibigay ng kapayapaan.

**MGA PUNTOS NA DAPAT TANDAAN:**

1. Si Kristo ang siyang tutulong sa atin sa panahon ng kahirapan, ating makakayanan lahat ng pagsubok at paghihirap dahil sa kalakasan na galing sa kanya.

2. Kailangan nating magpakalakas sa ating espiri-tuwal na katawan sa pamamagitan ng maningas na

3. Pinalaya na tayo ni Kristo sa kapangyarihan ng kadiliman kung kaya dapat nating panindigan ang kalayaang ito. Huwag tayong magpapadaya sa diablo upang hindi manakaw ang kalayaan natin. Ang kalayaang ito ay tumutukoy sa masasamang bisyo at gawi.

4. Ang maningas na pananalangin ang nagbibigay sa atin ng lakas sa pananampalataya upang mag-tagumpay laban sa problema, tukso, at demonio.

5. Napakahalaga na ang ating pag-iisip ay puno ng pananampalataya sa mga pangako ni Kristo upang ito ang magtulak sa atin upang gumawa ng mga dakilang bagay at tayo ay magtagumpay sa buhay kristiyano.

**TAKDANG ARALIN:**

a. Isulat ang 5-10 pangalan ng mga taong mahalaga sa iyo nan ais mong bahaginan ng discipleship lessons. Siguraduhin na mayroon ng 3 o higit pa na sisimulan mong turuan ng mga lessons sa darating na lingo. Huwag kang papayag sa sarili mo na wala kang masisimulan na maturuan.
   1.
   2.
   3.
   4.
   5.
b. Ipanalangin araw-araw ang mga pangalan na isinulat mo.
c. Magbahagi ng mensahe ng kaligtasan sa 3 tao at magpamigay ng 20-30 Gospel tracts. (siguraduhing nakalagay ang iyong pangalan o ng simbahan at contact number sa likod ng gospel tract)
d. Pag-aralan ang susunod na lesson para sa susunod na pagkikita.

**MEMORY VERSE:** Hebreo 4:16/ Roma 8:31-32

**CATCH THE VISION:**

Bakit kailangan nating ipahayag ang Salita ng Diyos sa iba? (Basahin ang Marcos 13:32-37)

**MANALANGIN PARA SA BAWAT ISANG KASAMA SA GRUPO**

1. Para sa pananampalataya na magpatuloy at hindi tumalikod.
2. Para sa kapayapaan ng isip.
3. Para sa paglagong espirituwal sa buhay Kristiyano.
4. Para sa lakas ng loob at kapangyarihan ng Banal na Espiritu na magbahagi ng leksiyon na ito sa iba at magdisipulo ng ibang mananampalataya.
5. Para sa kagalingan ng mga sakit.
6. Para sa financial blessing.
7. Para sa pastor at sa kanyang pamilya.
8. Para sa iba pang pangangailangan.